Gawain 7

1. Ano-ano ang matitingkad na pagkakatulad at pagkakaiba-iba ng tsismisan, umpukan, talakayan, pulong-bayan, at pagbabahay-bahay sa isa't isa?

   Ang pagkakatulad ng limang ito ay pareho silang maitututring na iba't ibang uri ng pakikipagkumonikasyon. Ang pagkakaiba naman nga mga ito ay ang mga pamamaraan ng pakikipagkumonikasyon at mga topiko. Ang **tsismisan** ay karaniwang pag uusap ng mga magkakaibigan o magkakapitbahay na ang nagiging topiko ay ang buhay ng ibang tao. Ito ay maituturing na hindi magandang pamamaraan ng pakikipagkumonikasyon sa kadahilanang walang matibay na basehan ang pinaguusapan at pawang mga kuro-kuro lamang. Ang **umpukan** naman ay ang pag uusap kung saan nag uumpukan ang mga magkakaibigan upang magbigay ng kanilang mga karanasan o mga opinyon hinggil sa mga nangyayari sa kapaligiran. Kadalasan itong nangyayari sa paaralan o di kaya ay sa inuman. Ang **talakayan** naman ay pag uusap kung saan ang mga kalahok ay malayang magtanong at magbigay ng kanyang kaalaman o opinyon mula sa topiko. Ang **pulong-bayan** ay pag uusap na tumutukoy sa pagkakaroon ng pagpupulong ng mga opisyal o mamamayan sa itinakdang panahon upang pagusapan ng masinsinan ang mga proyekto o problema ng isang bayan. Ang **pagbabahay bahay** naman ay ang pagdalaw o pagpunta ng isang tao o grupo sa mga bahay ng isang pamayanan upang maghatid ng mahalagang impormasyon o hindi kaya ay mangalap ng mga datos.

2. Alin sa mga gawaing pangkomunikasyon na nabanggit sa unang tanong ang madalas mong maobserbahan sa inyong pamayanan? Sa iyong palagay, bakit ito madalas maganap?

   Sa mga gawaing pangkumonikasyon na nabanggit sa unang tanong, ang madalas kong maobsaerbahan sa aming pamayanan ay ang **tsismisan** at **umpukan**. Sa aking palagay, madalas maganap ang **tsismisan** dahil sa kinahiligan na ng mga tao ang pagusapan ang buhay ng iba. Ang **umpukan** naman, sa aking palagay, ay madalas maganap dahil sa mga selebrasyon na nagaganap.

3. Paano napagyayaman ng mga tinalakay na gawaing pangkomunikasyon ang kulturang Pilipino?

   Sa pamamagitan ng paggamit ng mga gawaing pangkumunikasyon sa mabuti at kapakipakinabang na paraan, napagyayaman nito ang kulturang Pilipino. Halimbawa, ang pagsusuot ng mga damit na sumisimbolo ng kulturang Pilipino ay isang uri ng gawaing kumunikasyong di-berbal. Sa kahit ganitong paraan, naipahihiwatig na ang impormasyong pagiging makabansa ng isang indibidwal na maaaring makatulong upang maipagyaman ang kulturang Pilipino.

4. Paano magagamit ang mga gawaing pangkomunikasyon ito para sa mga gawaing pangkaunlaran sa isang pamayanan?

Sa pamamagitan ng pagtatalakay ng mga impormasyong makakatulong sa kaunlaran ng isang pamayanan gamit ang mga gawaing pangkumunikasyon na naaayon sa dapat gamitin sa pagtatalakay.

5. Paano mapapaunlad ng paggamit ng pambansang wika ang mga gawaing pangkomunikasyon na tatak Pilipino?

Mapapaunlad ng paggamit ng pambansang wika ang mga gawaing pangkumunikasyon na tatak Pilipino sa pamamagitan ng pakikipag kumunikasyon sa kapwa Pilipino gamit ang mga gawaing pangkumunikasyon na tatak Pilipino sa sitwasyong kinakailangan. Maaari ring ituro sa mga magaaral kung ano ang kahalagahan ng mga gawaing pangkumunikasyong tatak Pilipino upang mabigyang pansin ang paggamit nito sa maayos na pamamaraan.